SMALL BUSINESS MAJORITY

# Tips sa paghahanap ng pondo sa oras ng COVID-19, iwasan ang gahaman na nagpapautang

Kapag naghahanap ng mga mapagkukunan ng kapital, mahalagang malaman kung ano ang hinahanap para maiwasan ang gahaman na mga nagpapautang at mga kasunduan ng pananalapi. Habang maraming nagpapautang para magbigay ng serbisyo sa naghihirap na maliliit na negosyo sa ngayon, hindi lahat ng uri ng pagpapautang sa maliliit na negosyo ay pinangangasiwaan ng pederal na gobyerno, at ang ilan sa masasamang tao ay maaaring magsamantala dito upang painan ang maliliit na negosyo dahil sa desperadong pangangailangan na mangutang. Ang ilan sa mga aktor ay sumusubok na mang-scam sa may-ari ng maliit na negosyo sa pamamagitan ng paghimok sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga programa ng ayuda ng gobyerno. Karagdagan pa, kabilang sa ibang mga uri ng mga produktong loan na hindi pinangangasiwaan tulad ng tradisyonal na mga produktong loan ang mga online marketplace loan, payment vendor loan, merchant cash advance, at iba pang uri ng maiikling panahon na pagpapautang. Mahalagang maunawaan din na ang tungkuling ginagampanan ng mga loan broker sa prosesong ito. Ang loan broker ay hindi isang nagpapautang—nagsisilbi silang third-party na “bumibili” ng inyong negosyo para pondohan ng nagpapautang.

Kung ang inyong maliit na negosyo ay naapektuhan ng COVID-19 at kayo ay nasa proseso ng paghahanap ng pondo, nasa ibaba ang ilan sa mahahalagang tips at sanggunian na makatutulong sa inyong siyasatin ang proseso ng pagpapautang at maiwasan ang mga gahaman na nagpapautang.

## Kung nahahanap ng kapital sa pamamagitan ng Small Business Administration (SBA) sa U.S.

- Lahat ng Economic Injury Disaster Loans (EIDLs) ay ipinamamamahagi sa pamamagitan ng SBA; walang ibang nagpapautang ang pinahihintulutang magkaroon nito. Iwasan ang sinumang nagpapautang na humihimok sa inyo na mag-alok sa inyo ng SBA EIDL loan.
- Ang SBA ay hindi makikipag-ugnayan sa inyo para sa 7(a), PPP o EIDL na loan o grant. Kapag tinawagan ka ng isang taong nagsasabi na mula siya sa SBA, maghinala sa panlilinlang.
- Kapag tinawagan ka ng isang tao na nangangakong makakukuha ng pahintulot sa SBA loan, ngunit nanghihingi ng paunang bayad o alok na mataas na interes sa pansamantalang pandugtong na loan, maghinala sa panlilinlang.
- Ang mga Payroll Protection Program loan ay iaalok sa pamamagitan ng inaprubahang 7(a) mga nagpapautang. Dinaragdagan ng SBA ang bilang ng inaprubahang mga nagpapautang para magsagawa ng mga PPP loan. Kung nagdududa sa kakayahan ng nagpapautang, kontakin ang distritong opisina ng SBA sa inyong lugar.
- Walang nauugnay na pagbabayad sa pag-apply o pagsasara ng PPL o EIDL loan. Ang mga nagpapautang ay babayaran ng gobyerno.
- Kung nagpoproseso ka ng aplikasyon para sa SBA loan at nakatanggap ng liham sa email na humihingi ng inyong personal na impormasyon ng pagkakakilanlan, tiyakin na ang naka-reperensiyang numero ng aplikasyon ay katulad ng aktuwal na numero ng aplikasyon.

**Higit pang impormasyon:** https://www.sba.gov/document/report--sba-programs-scams-fraud-alerts

**Kung mayroon kang kuwento sa maliit na negosyo tungkol sa pagpopondo, ipagbigay-alam sa Mga Nagmamay-ari ng Maliit na Negosyo**! Bisitahin ang aming survey dito: https://www.surveymonkey.com/r/5F2VKFG (English Lang)

## Kapag naghahanap ng ibang mga mapagkukunan ng kapital

Bago ka mag-apply para sa pagpopondo, mahalagang magtanong ka ng tama sa sinumang nagpapautang o broker. Nasa ibaba ang tseklist ng patnubay mo sa oras ng proseso ng loan. Para sa karagdagang tips at patnubay, bisitahin ang aming resource portal sa Venturize.org.

**Tseklist**

- ❑ Ano ang taunang halaga ng interes o APR? Tandaan kung hindi na nakakuha ng direktang sagot. Alamin na ang taunang halaga ng interes ng inyong loan ay magpapahintulot sa inyo na ihambing ito sa inyong iba pang opsyon
- ❑ Ano ang lahat ng singil? Kabilang ba ang mga iyon sa halaga ng interes na kinuwenta? Ano ang halaga ng babayaran at dalas?
- ❑ Ano ang kabuuang halaga ng loan kumpara sa buong panahon nito?
- ❑ Kapag magbabayad ako nang pauna, babayaran ko ba ang anumang bagay bukod sa prinsipal na aking hiniram? Kung oo, ano ang halaga ng paunang bayad? Ang ilan sa mga nagpapautang ay maaaring sumingil ng bayad sa pagpapautang kahit na binayaran mo nang maaga ang iyong loan. Kahit na ito ay gastos, maaari nila itong ipaliwanag bilang "diskuwento sa paunang pagbabayad."
- ❑ Kapag kumuha ako ng pangalawang loan sa inyo sa susunod, magiging "double dipped (pagkuha ng kita mula sa dalawang mapagkukunan, na karaniwang sa iligal na paraan" ba ako? Iyon ay, kakailanganin ko bang magbayad ng anumang singil sa pagpapautang sa umiiral na prinsipal ng aking naunang loan?
- ❑ May ipapatupad bang maikling takdang panahon sa akin para tanggalin ang aking alok na loan? Hindi ka dapat mapilitan sa pagtanggap ng loan sa loob ng loan sa loob ng hindi tiyak na mabilisang time frame
- ❑ Ire-report mo ba ang aking impormasyon sa pagbabayad ng loan sa mga pangunahing kawanihan ng kredito para maitatag ang aking kredito ng negosyo? Ire-report mo ba ang positibo gayundin ang negatibong impormasyon? Kung hindi ako makabayad, paano mo susubukan at sisingilin ang loan?
- ❑ Kapag nakikipagtulungan sa broker, itanong:
    - ❑ Ano ang taunang halaga ng interes o APR ng bawat opsyon na ipinakikita mo sa akin?
    - ❑ Ano ang babayaran mo, ko, o ng nagpapautang para sa bawat opsyon? Kumikita ka ba ng mas malaki kapag kumuha ako ng ilan sa mga loan?
    - ❑ Maaari ko bang makita ang pangkalahatang buod ng mga uri ng loan ng mga nangungutang na nakikipagnegosyo sa iyo? Ano ang karaniwang halaga ng interes? Ilan ang nakakuha ng loan sa bangko, katamtamang termino sa online, o merchant cash advance o maikling termino ng loan?

**Hinihimok din namin kayo na maging pamilyar sa Bill of Rights ng Mga Nangungutang na Maliit na Negosyo, na nakatulong sa aming mabuo bilang bahagi ng Koalisyon ng Responsableng Pagpapautang na Negosyo.** Ang mga ito ay mahahalagang pinansiyal na karapatan na pinaniniwalaan naming para sa lahat ng maliliit na negosyo—mga karapatan na kadalasan ay hindi pa protektado ng batas. Iyon ay ang mga sumusunod:

- Ang Karapatan sa Nakikitang Pagpepresyo at Termino
- Ang karapatan sa Mga Produktong Hindi Mapang-abuso
- Ang Karapatan sa Responsableng Pagsisiguro ng Ari-arian
- Ang Karapatan sa Patas na Pagtrato mula sa mga Broker
- Ang Karapatan na Makabilang sa Pagkakaroon ng Access sa Kredito
- Ang Karapatan sa Mga Kasanayan sa Patas na Paniningil

**Alamin** pa sa**:** http://www.borrowersbillofrights.org/bill-of-rights.html

NATIONAL CAPACD

Ang dokumentong ito ay isinalin sa pakikipagtulungan ng National Coalition for Asian Pacific American Community Development www.nationalcapacd.org na may pahintulot ng Ewing Marion Kauffman Foundation.